REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCIAL GOVERNMENT OF BULACAN
CITY OF MALOLOS

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

## MENSAHE NG PUNONG LALAWIGAN

Buong puso kong binabati ang lahat ng Kabataang Bulakenyo na magsisipagtapos sa Taong Pampaaralan 2020-2021!

Kasabay ng ating pagharap sa krisis pangkalusugan, isinasabuhay natin ang ating temang, "Kalidad ng Edukasyon, Lalong Patatagin sa Gitna ng Pandemiya".

Saksi tayo sa kung paanong nagsikap ang ating mga kabataan na patuloy na linangin ang kanilang kaalaman at kakayahan sa kabila ng mga pagbabagong dulot ng COVID-19. Bagama't hindi madali ang adjustment sa distance learning, dahil sa ating pagkakaisa at pagpapahalaga sa edukasyon, matagumpay nating nalampasan ang mga pagsubok at natugunan ang mga pangangailangang pang-akademiko ng bawat mag-aaral.

Mga mahal kong magsisipagtapos, ipagdiwang ninyo ang tagumpay na ito nang may pananabik sa mga susunod pang yugto ng inyong buhay. Nagtagumpay kayo sa panahon ng matinding suliranin, nagpunyagi kayo sa gitna ng takot, pighati, at pag-aalinlangan, at nagsikap kayo sa kabila ng mga pagbabago, kaya't naniniwala akong mas matatag kayo ngayon sa pagharap sa mga bagong hamon sa inyong paglalakbay. Bitbit ang mga aral at patnubay mula sa inyong paaralan, lumakad kayo sa lansangan ng inyong pangarap tungo sa mas mabunying hinaharap.

Sa ating mga magulang, kinikilala ko at hinahangaan ang inyong pagpapagal at mga sakripisyo para sa mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral. Kulang ang salita para parangalan ang inyong pagmamahal at malasakit sa inyong mga anak. Ang araw na ito ay tagumpay ninyo.

Binabati ko rin at pinasasalamatan ang mga guro, ang pamunuan ng Paraalan at mga Non-Teaching Personnel na gumabay at humubog sa ating mga kabataan para maging mahuhusay, mabubuti at mapanagutang mamamayan ng ating lipunan.

Taglay ang kasiyahan at karangalang dulot ng pagdiriwang na ito, patuloy tayong magtulungan at magkaisang mas paigtingin ang kalidad ng edukasyon tungo sa pagbuo ng mas matatag at mas maunlad na Lalawigan ng Bulacan.

Mga mahal kong Bulakenyo na magsisipagtapos, congratulations! Pagpalain at ingatan kayo ng ating Diyos!

**Mabuhay ang Lahing Bulakenyo!**

Reproduction No. 216, s. 2021
7/7/2021

ZENIA G. MOSTOLES, Ed,D., CESO V
Schools Division Superintendent
Schools Division of Bulacan

**DANIEL R. FERNANDO**
**Punong Lalawigan**

#ThePeoplesGovernor
2F Capitol Building, Guinhawa,
City of Malolos, Bulacan 3000
Telephone no.: +63 44 791 8148/49/50
Fax No.: +63 44 791 0853



